MUNICIPALITY OF BALIWAG
ARO20001774

LALAWIGAN NG BULACAN
Pamahalaang Bayan ng Baliwag
TANGGAPAN NG PUNONGBAYAN

# ATAS TAGAPAGPAGANAP BLG. 35 T. 2020

## PAGHIHIGPIT SA PAGPAPATUPAD NG *QUARANTINE PROTOCOLS* SA BAYAN NG BALIWAG

**SAPAGKAT,** sa isang *press briefing* ni Undersecretary, Jonathan Malaya, Kagawaran ng Interyor at Pamahalaang Lokal na isinagawa noong ika-13 ng Mayo 2020, kanyang inilahad na ang mga Lokal na Pamahalaan ay binibigyan ng kapangyarihang magpatupad ng mga polisiya patungkol sa quarantine ng kanikanilang nasasakupan;

**SAPAGKAT,** Patuloy na tumataas ang bilang ng nagpopositibo sa COVID-19 sa Bayan ng Baliwag kung saan humigit kumulang animnapung bahagdan (60%) ng mga kaso ay tinatayang nanggaling sa ibang lugar;

**SAPAGKAT,** ang Lokal na Pamahalaan ay kinakailangang paigtingin ang mga polisiya laban sa patuloy na pagkalat ng COVID-19 sa Bayan;

**AT NGAYON, DAHIL DITO, AKO SI FERDINAND V. ESTRELLA,** Punongbayan ng Baliwag Bulacan, sa bisa ng kapangyarihang iginawad saakin ng batas ng Republika ng Pilipinas, ay nag uutos ng mga sumusunod:

**SEKSYON 1. PAMAGAT.** Ang atas na ito ay kikilalanin at tatawagin bilang *Paghihigpit sa Pagpapatupad ng Quarantine Protocols sa Bayan ng Baliwag.*

**SEKSYON 2. QUARANTINE.** Ang lahat ng lumabas sa Bayan ng Baliwag at nagnanais makabalik ay kinakailangang sumailalim sa labing-apat (14) na araw ng quarantine simula sa oras ng kanilang pagpasok sa Baliwag.

Ang mga sumusunod ay kinakailangang sumailalim sa labing-apat na araw (14 days) sa mga *Approved Quarantine Areas;*

1. *Authorized Persons Outside Residence* (APOR) na naninirahan sa Baliwag at nagtatrabaho sa labas ng Rehiyong III;
2. Mga APOR na naninirahan sa labas ng Rehiyon III at naghahanap buhay sa Baliwag- Kinakailangang magpakita ng I AM SAFE QR Code, Company ID at

sertipikasyon ng AQA o regular na testing kung hindi makahanap ng matitirhan sa Baliwag.

3. Mga Turista;
4. Returning Overseas Filipinos;
5. *Locally Stranded Individuals;*
6. Mga Baliwagenyo na nagtungo sa ibang rehiyon upang maglibang at dumalo sa iba't ibang pulong;
7. Mga taga ibang rehiyon ngunit nagtatrabaho sa Baliwag; at
8. Mga nagtitinda sa pamilihan na nagtutungo sa ibang lugar upang mag angkat.

Ang mga APOR na papasok sa Bayan ng Baliwag ay kinakailangang magpakita ng I AM SAFE QR Code, sertipikasyon mula sa Barangay o sa *Approved Quarantine Area* at ang kanilang Company I.D. upang makadaan sa tarangkahan ng Baliwag.

**SEKSYON 3. MGA HINDI SAKLAW NG ATAS NA ITO.** Ang mga sumusunod ay hindi kabilang sa mga kinakailangang mag quarantine sa oras ng pagpasok sa Bayan ng Baliwag;

1. Mga *Health Workers* ;
2. Mga kawani ng Pamahalaang Nasyonal, at Pamahalaang Lokal; Kinakailangang magpakita ng *travel order.*
3. Mga opisyal ng Pamahalaan: *secretaries, assistant secretaries and undersecretaries* ng mga kagawaran, mga pinunong panrehiyon, at iba pang mga opisyal na magtutungo sa Bayan ng Baliwag o taga Baliwag na nakatalaga sa ibang rehiyon;
4. Mga kawani ng Pamahalaang Bayan na may opisyal na transaksyon sa ibang bayan;
5. Mga opisyal ng Pambansang Pulisya ng Pilipinas, Sandatahang Lakas ng Pilipinas, Hukbong Dagat, at Hukbong Himpapawid ng Pilipinas;
6. Mga opisyal na kinatawan ng Pamahalaan at ibang bansa;
7. *Logistics*; mga *drivers* na nagaangkat ng pagkain at mga *essential goods;*
8. Mga APOR na naninirahan sa Baliwag at nagtatrabaho sa loob ng Rehiyong III- Kinakailang ipakita ang I AM SAFE QR code, ID ng kumpanya at dokumento na nagpapatunay ng pagbiyahe sa ibang bayan sa Central Luzon.
9. Mga indibidwal na kailangan ng medikal na atensyon mula sa labas ng Rehiyon III- Kinakailangang ipakita ang request mula sa doktor na kailangang sumailalim sa operasyon o prosesong medikal ang indibidwal na nakasaad ang petsa ng *appointment.*

*Ang mga nasa una at pangatlong bilang ay kinakailangang may ipakitang I AM SAFE code, ang sa pangatlong bilang naman ay kinakailangang magpakita ng IAM SAFE code, at travel order mula sa Pamahalaang Bayan, samantala, ang pang pitong bilang ay kinakailangang magpakita ng company ID, IAM SAFE Code, Health Certificate at Vehicle Pass.*

*Kung ang drivers at pahinante sa bilang 7 ay naninirahan sa Baliwag at bumabyahe araw-araw, ay dapat ay nakahiwalay ng tirahan kung hindi pasado sa Home quarantine.*

**SEKSYON 4.** ***APPROVED QUARANTINE AREA (AQA).*** Ang mga sumusunod na lugar ay ang mga aprubadong *quarantine facilities* ng Pamahalaan para sa mga nasa ikalawang seksyon ng Atas na ito:

1. *Home Quarantine* – Kinakailangang may sariling kwarto at banyo, sa loob ng kwarto lamang kakain, at walang kasamang *senior citizens* o may iba pang karamdaman tulad ng diabetes at *hypertension;*

   Upang makwalipika sa *Home Quarantine*, kinakailangan ang mga sumusunod:

   a. May sariling kwarto;
   b. May sariling banyo;
   c. Makakakain mag isa sa kwarto at may paghuhugasan ng nakatalagang pagkakainan;
   d. Walang kasama sa bahay na senior citizen o may co-morbidity;
   e. Sumailalim sa balidasyon ng barangay; at
   f. Naglagay ng *barrier* bilang karagdagang proteksyon.

2. *Mga Accredited Dormitories/ Transient/ Lodging House* sa Baliwag. Ang opisyal na listahan ay iaanunsyo sa Pamahalaang Bayan at sa Official FB Page ni Mayor Ferdie;

3. APOR Village. Ang opisyal na listahan ay iaanunsyo sa Pamahalaang Bayan at sa Official FB Page ni Mayor Ferdie;
4. Sariling *isolation facility* ng pinagtatrabahuhang kumpanya;
5. Mga *Barangay Isolation Facility*; at
6. Mga tahanang residensyal na walang umookupa sa Bayan ng Baliwag.

**4.1 PROSESO SA APLIKASYON NG HOME QUARANTINE O AQA**

**A. Home Quarantine**

1. Sagutan ang online application para sa mga APOR (Official Facebook Page Ferdie Estrella);
2. Ivavalidate ng BHERT kung pasado sa home quarantine ang tahanan;
3. Ipapadala ng BHERT ang rekomendasyon sa Authorized Representative

IATF para sa *approval o denial;*

4. Itatala ng MICTO ang APOR with approved Home Quarantine Facility;

**B. Accredited Quarantine Facility (AQF)**

1. Sagutan ang online application para sa mga APOR (Official Facebook Page Ferdie Estrella) at ilakip ang katunayan ng pangungupahan na nagmula sa AQF;
2. Itatala ng MICTO ang APOR with approved Accredited Quarantine Facility;

Samantala, hinihikayat ang lahat, lalo't higit ang mga nagtatrabaho sa NCR na manatili nalamang panandalian sa nasabing lugar upang maiwasan ang di sadyang pagkakahawahan at paglipat ng COVID-19.

**SEKSYON 5. TUNGKULIN NG INDIBIDWAL NA NAGKUQUARANTINE.**

1. Ang sinuman na sumasailalim sa proseso ng quarantine ay hindi maaring lumabas sa kaniyang tinutuluyan kahit bibili lamang sa mga tindahan;
2. Bawal magkaroon ng direct contact sa mga pasilidad o sa mga kasamahan sa bahay, pasilidad o saan mang lugar; at
3. May sariling kainan at inuminan.

**SEKSYON 6. TUNGKULIN NG MGA ESTABLISYIMENTO.**

1. Ang mahigpit na pagpapatupad ng Joint Memorandum Circular ng DTI at DOLE patungkol sa pagbabalik sa trabaho sa panahon ng pandemya (Workplace COVID-19 Prevention and Control)
2. Katuwang nang Pamahalaan ang mga establisyimento sa pagpapa-suri ng mga empleyado;
3. Pagrereport ng posibleng kaso ng COVID-19 sa Baliwag COVID teleMED hotline: 0961 557 2194 at 0961 557 2196.

**SEKSYON 7. INSPEKSYON NG MGA ESTABLISYIMENTO NA MAGMUMULA SA IBANG REHIYON**. Kung ang mga establisyimento ay sasailalim sa mga hindi maiiwasang proseso o *audit, trade, marketing* o inspeksyon, ang mga *validators, auditors* o opisyal ay kinakailangan ng sertipiko ng kalusugan mula sa Municipal/City Health Officer ng kanilang

lugar na nagsasaad na ang indibidwal ay walang sintomas ng COVID-19 na inilabas ng di lalagpas sa apatnapu't walong oras (48) oras bago ang pagpasok sa Baliwag, at travel pass mula sa Philippine National Police.

Maaaring gamitin ang RTPCR Test at Rapid Diagnostic Test na sinertipikahan ng rehistradong Laboratory at kinuha sa loob ng pitumput-dalawang (72) oras upang makapasok sa loob ng Bayan ng Baliwag.

**SEKSYON 8.** ***ANCILLARY ADMINISTRATIVE REQUIREMENTS DURING NASO-ORO PHARYNGEAL SWAB PERFORMED AT ANY HOSPITALS, DIAGNOSTIC AND LABORATORIES AND BALIWAG SWAB CENTER.***

1. Ang mga indibidwal na nakatala upang sumailalim sa *swabbing* ay kinakailangang magsagot ng Baliwag Contact Tracing Form (BCTF) na naglalaman ng kanilang pangalan, tirahan, numero at iba pang detalye;

2. Ang mga *suspected COVID-19* patients ay kinakailangang ipaalam sa kanilang mga nakasalamuha ang kanilang kondisyon habang nag aantay ng resulta ng swab test.

3. Ang mga BCTF ay kinakailangang ipadala *online* sa micto@baliwag.gov.ph;

4. Ang sinumang maglalayong itago ang mga impormasyong may kinalalaman sa COVID-19 sa mga kinauukulan at ilalagay sa paganib ang kalusugan ng publiko ay papanagutin alinsunod sa mga probisyon ng Republic Act 11332 o ang *Mandatory Reporting of Notifiable Diseases and Health Events of Public Health;*

5. Ang lahat ng BCTF na nakolekta mula ika-7 ng umaga hanggang ika-2 ng hapon ay kinakailangang maipadala sa o bago mag ika-3 ng hapon sa detalyeng nasa bilang 3. Samantala, ang mga forms na makokolekta mula 2:01 ng hapon hanggang ika-6:59 ng umaga kinabukasan ay kailangang maipadala sa o bago mag ika-8 ng umaga kahit ang araw na nakatakda ay lumapag sa pista opisyal o katapusan ng linggo; at

6. Para sa mga indibidwal na hinihinalang may COVID-19 na walang kapasidad na makapagsagot ng BCTF ay maaaring tulungan ng malapit na kamaganak o taga subaybay, gayundin ang mga COVID-19 suspect na binawian ng buhay ;

**SEKSYON 9.** Upang mapigilan ang pagkalat ng COVID-19, ang Baliwag IATF ay inaatasang mag lunsad ng mga dagdag na panuntunan sa mga matataaong lugar tulad ng Little Baguio sa Poblacion, Lopez Jaena at Daang Bakal sa Sto. Cristo, at Daang Bakal sa Concepcion, Sabang, Bagong Nayon at iba pang lugar na tutukuyin ng IATF.

**SEKSYON 10. B! ALERT AT MGA CIVIC ORGANIZATIONS.** Ang mga indibidwal na boluntaryong miyembro ng B! Alert at mga piling Civic Organizations ay inaatasang magbantay sa mga pasukan at labasan sa loob ng Bayan, dagdag pa rito ay ang pag babawal sa mga bata at mga hindi-APOR na huwag lumabas sa kanilang mga tahanan kung saan ang mga lalabag ay kanilang mamarkahan sa pamamagitan ng IAM SAFE Scanner.

Bilang pagkilala sa kanilang tungkulin, ang mga B! Alert at Civic Organization volunteers ay makakatanggap sila ng honoraria mula sa Pamahalaang Bayan.

**SEKSYON 11. I AM SAFE APP.** Ang I AM SAFE APP ang isa sa sistemang gagamitin sa mahigpit na pagpapatupad ng atas na ito. Anumang restriksyon patungkol sa indibidwal ay lalabas sa nasabing identipikasyon. Ang sino mang pinahihintulutan na maka pasok sa Bayan ng Baliwag mula sa labas ng Rehiyon III ay dapat may naka saad na *"Under Home Quarantine, Not Allowed in Public Places" at "With Approved Home Quarantine Facility o With Approved Accredited Quarantine Facility"* sa kanilang impormasyon sa I AM SAFE app.

Upang mas maging epektibo ang pagtatala ng mga paglabag sa mga umiiral na batas at alituntunin sa ating Bayan, ang mga paglabag ay dapat itala sa pamamagitan ng IAM SAFE SYSTEM.

Ang Municipal Information Communications Technology Office ay inaatasan na maglabas ng isang sistemang aakma sa maayos na pag tatala ng mga paglabag kasama na ang mga *traffic violations* na nilabag sa panahon ng pandemic.

**SEKSYON 12. PAGPAPAWALANG BISANG SUGNAY.** Ang lahat ng Atas Tagapagpaganap, polisiya at mga direktibang inilabas ng Pamahalaang Bayan na salungat sa mga probisyon ng atas na ito ay pinapawalang bisa.

**SEKSYON 13. PAGPAPAHIWALAY NA SUGNAY.** Kung, sa anumang dahilan, ay ipinasya na ang isang bahagi o probisyon ng Batas na ito ay taliwas sa mga batas na umiiral sa bansa, ang ibang bahagi o probisyon nito na hindi apektado ay mananatili at patuloy na magkakaroon ng bisa.

**SEKSYON 14. PAGKAKABISANG SUGNAY**. Ang Atas na ito ay magkakabisa sa ika-12:00 ng hatinggabi ng ika- 7 ng Setyembre, 2020.

NILAGDAAN ngayong ika-4 ng Setyembre, 2020 sa Pamahalaang Bayan ng Baliwag, Bulacan.

**FERDINAND V. ESTRELLA**
Punongbayan

Nilagdaan ng Punongbayan:

**ENRIQUE V. TAGLE**
Pambayang Tagapangasiwa